3

Republic of the Philippines

Department of Education

**NATIONAL CAPITAL REGION**

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## FILIPINO 3 WEEK 6


DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:

| | |
|---|---|
| Writer: | LORNA A. ABICHUELA |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA, |
| Layout Artist: | PILIPINA B. NEBRAO |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, DONNAH S. ARAGONCILLO |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

## Aralin 6: Sariling Hinuha

**Inaasahan:** Naibibigay ang sariling hinuha bago, habang at pagkatapos ng napakinggang teksto (F3PN-IIIf-g-12)

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Ano ang gagawin mo sa sumusunod na sitwasyon? Lagyan ng tsek ang iyong sagot sa patlang.

1. Nagtatampisaw sa tubig baha ang mga bata sa kalsada.

____ Sasawayin ko sila.

____ Papanoorin ko ang kanilang ginagawa.

2. Nagsasampay ng mga nilabhan ang nanay.

____ Tutulungan ko ang nanay.

____ Papanoorin ko ang pagsasampay ni nanay.

3. Nasobrahan sa kapapanood ng palabas sa telebisyon si  Anton.

____ Pababayaan ko siyang manood.

____ Pagsasabihan ko na tama na ang panonood.

## Balik-Tanaw

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan ninyo ang tungkol sa sumusuportang kaisipan. Mahalaga ang masusing pagkilala sa sumusuportang kaisipan na may kaugnayan naman sa bagong aralin na kung saan mahalaga ang masusing pag-aaral para makapag-bigay ng isang hinuha sa isang sitwasyon.

## Maikling Pagkilala sa Aralin

Ang aralin ngayon ay tungkol sa masusing pag-aaral tungkol sa mangyayari sa isang sitwasyon na nangangailangan ng kaalaman na malaman ang mangyayari base sa pagkaka-unawa sa binasa.

## Gawain

**Panuto:** Basahin at unawain ang kuwento. Sagutin ang sumusunod na tanong.

**Ang Batang Marusing**

Linggo ng gabi, maagang natulog si Anton. Pagod na pagod siya sa maghapong paglalaro ng tumbang preso sa plasa. Hindi na niya nagawang maglinis ng katawan at magsipilyo ng ngipin Maya-maya pa'y humihingal siya sa pagtakbo. Hinahabol siya ng sipilyo, tabo, sabon, suklay at timbang puno ng tubig. Sumisigaw siya dahil sa matinding takot. Ginising siya ng kanyang ina. Laking pasalamat niya, panaginip lang pala ang lahat.

1. Ano sa inyong palagay, ang gagawin ni Anton matapos ang kaniyang panaginip?

_______________________________________________

2. Sa inyong palagay, nakatulong ba ang panaginip ni Anton sa kaniyang pagbabago?

_______________________________________________

3. Sa iyong palagay, magbabago na ba si Anton matapos ang kaniyang panaginip?

_______________________________________________

**Panuto**: Isulat ang inyong hinuha sa bawat larawan.

Ano kaya ang susunod na manyayari kung:



Sagot: ______________________________



Sagot: ______________________________



Sagot: ______________________________

Halaw mula sa Canva Philippines Education

**Panuto:** Isulat ang inyong hinuha sa sumusunod na sitwasyon.

1. Lunes, paulit-ulit na ginising ni Gng. Santos si Ramon pero kaytagal bago siya napatayo ng ina. Kasalukuyan siyang nagsusuot ng uniporme nang bumusina ang drayber ng *school bus*. Busina ulit. Hindi pa rin lumabas si Ramon.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Payat at sakitin si Nestor. Ayaw niyang uminom ng gatas at kumain ng isda, prutas at gulay. Nang tuluyan siyang naospital at muntik nang mamatay, pinag-aralan ni Nestor na kumain nang wasto. Makalipas ang tatlong buwan ng araw-araw niyang pag-

inom ng gatas at pagkain ng masustansiyang pagkain ay nakita namin siyang malusog.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## Tandaan

Ang hinuha ay ang pagbibigay ng matalinong interpretasyon kaugnay ng nabasa o napakinggang impormasyon. Sa pagbibigay hinuha, mahalaga ang paggamit ng dati o naunang karanasan at kaalaman.

### Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Ibigay ang angkop na hinuha sa bawat talata. Bilugan ang letra ng tamang sagot

| |
|---|
| Maagang naulila sa ina ang tatlong magkakapatid. Nasa ikaanim na baitang ang panganay. Palaging malungkot ang kanilang itay. Hatinggabi na kung umuuwi at lasing pa. |

A. Matutuwa ang magkakapatid.
B. Aalis ang mga magkakapatid sa kanilang bahay.
C. Maiisipan nilang humingi ng tulong sa pamahalaan.

| |
|---|
| Bagong lipat sina Mildred sa Maynila. Dala nila ang kaunting naipong pera. Nagsimula sila sa pagtitinda ng pagkain sa harapan ng kanilang bahay. Dumarami ang bumibili nito araw-araw. |

A. Masama ang ugali ng nagtitinda.
B. Nagugustuhan ng bumibili ang kanilang pagkain.
C. Hindi pinapansin ng mga tao ang kanilang paninda.

Niyayang maglaro ni Jay si Emil. Ayaw sumama ni Emil dahil nag-aaral siya para sa pagsusulit nila kinabukasan. Nagtuloy sa paglalaro si Jay kasama ng ibang bata. Natulog siyang pagod na pagod at hindi nakapag-aral.

A. Nakakuha ng mataas na marka si Jay.
B. Pinagalitan si Jay ng kanyang nanay.
C. Hindi nakasagot si Jay sa kanyang pagsusulit.

**Panuto:** Ano ang gagawin mo para mapanatili ang mga natatangi at magandang kaugaliiang Pilipino? Piliin ang angkop na letra ng hinuha sa bawat sitwasyon.

1. Dumating ang iyong tiyo at tiya.

   A. *Magha-high five* ako sa kanila.
   B. Magmamano ako sa kanila.

2. Maraming nasalanta ng bagyo sa inyong lugar. Nanghihingi ng kaunting tulong para sa kanila ang mga lider ng ilang samahan.

   A. Magbibigay ako sa abot nang aking makakaya.
   B. Magdadahilan ako ng kulang pa sa amin kung ano ang meron kami.

3. May kasalan sa inyong kapitbahay. Alam nilang mahusay kang magluto.

   A. Maniningil ako nang malaki para sa kasalan.
   B. Tutulong ako sa pagluluto sa kasalan.

4. May bago kayong lipat na kapitbahay. Ang dami nilang gamit. Dalawang matanda lamang ang nagbababa ng mga iyon.

   A. Panonoorin ko ang maganda nilang gamit.
   B. Maghahandog ako ng tulong sa kanila.

5. Hindi nakauwi ang pinsan mo dahil sa bagyo.

   A. Pahiramin mo siya ng damit pantulog.
   B. Pababayaan ko na siyang matulog nang hindi nagpapalit ng damit.

**Panuto**: Punuan ang patlang ng tamang salita upang mabuo ang pangungusap.

1. May hawak na mikropono si Cassandra. Isinalang niya ang C.D. ng paboritong awitin.
   Si Cassandra ay ___________________.

2. Kumuha naman ng aklat ang kapatid niyang si Henry. Binuklat niya ito.
   Si Henry ay ____________________.

3. Naglabas ng mga plato, kutsara, tinidor at baso si Ate Sheena. Inilabas din niya ang pagkain. Tinawag niya ang lahat.
   Sila ay ______________________.

4. Bago naupo ay tumahimik muna ang lahat. Yumuko at nag-antanda.
   Sila ay _____________________ bago kumain.

5. Binuksan ni nanay ang *ref* at kinuha ang pitsel ng tubig. Kumuha rin siya ng baso.
   Si nanay ay __________________.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Basahing mabuti ang sumusunod na mga talata. Bilugan ang letra ng pinakaangkop na hinuha para sa bawat isa.

1. Nagulat si Gng. Tenido nang biglang umiyak si Jose. Dali-dali niyang pinuntahan ang anak sa silid nito. Namumutla at nakatutop sa kanyang tiyan si Jose. Patuloy ito sa pag iyak.

   A. Dali-dali siyang pinainom ng tubig ni Gng. Tenido.
   B. Awang-awa si Gng. Tenido sa anak kaya umiyak na rin ito.
   C. Mabilis na inakay ni Gng. Tenido ang anak at dinala sa doctor.

2. Isang lalaki ang mabilis na umagaw sa bag ni Bb. Lanuza. Bagaman nagulat, mabilis siyang humingi ng saklolo. Isang pulis ang nakarinig at hinabol niyon ang magnanakaw.


   A. Natakpan ng maraming naglalakad ang magnanakaw at hindi na nakita.
   B. Itinapon ng magnanakaw ang bag sa damuhan.
   C. Nasukol at nadakip ng pulis ang magnanakaw.

3. Binuklat ni Claudine ang kanyang Diary. Nabasa niyang may pagsusulit sa Math kinabukasan. Inilabas niya ang aklat at kwaderno at paulit-ulit na nagbalik-aral. Kinabukasan, tahimik na sumagot ng kanyang pagsusulit si Claudine.

   A. Maya-maya, nakatulog na siya sa kanyang desk
   B. Tiyak na tiyak niyang makakakuha siya ng mataas na iskor.
   C. Inabutan na siya ng rises kaya kinuha nang guro ang kanyang papel.

**Panuto:** Ibigay ang inyong hinuha sa mga larawan.

1. Ano kaya ang susunod na mangyayari ito?



Sagot: ______________________________________
______________________________________
______________________________________

2. Sa palagay ko kapag nakakita ako ng ganito...



Naisip ko na _________________________ dahil
______________________________________
______________________________________

Halaw sa Canva Philippines

**Susi sa Pagwawasto**

Sanggunian: Halaw sa Canva Philippines

**Pag-alam sa Natutuhan**

1. C 2. B 3. C

1. B 2. A 3. B 4. B 5. A

1. aawit/kakanta 2. magbabasa 3. kakain

4. magdadasal 5. iinom

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. C 2. C 3. A

1. matatapon ang tubig, mdudulas ang mga bata

2. babaha dahil sa dami ng basura na dahilan ng pagbaha sa mga daluyang tubig

**Gawain (Mga Maaring Kasugutan)**

1. hindi na matutulog ng hindi naglilinis ng katawan
2. opo, dahil magiging malinis na si Anton
3. opo dhil ayaw niyang magkatotoo ang kaniyang panaginip

1. tutubo ang kanilang pananim, mamumunga ang kanilang pananim
2. sasabog ang bulkan, marami ang mapipinsala sa pagsabog
3. magkakasakit siya

1. mahuhuli sa klase si Ramon, maiiwan ng bus si Ramon
2. magiging malakas at malusog na si Nestor, hindi na siya magiging sakitin

**Unang pagsubok**

1. Sasawayin ko sila.
2. Tutulungan ko ang nanay.
3. Pagsasabihan ko na tama na ang panonood.